5 Paglipat sa isang bahay

Kapag nakapili na ng bahay (o kuwarto) at nakapirma na ng kontrata, kailangan ng maghanda sa paglipat. Maraming kailangang gawin sa paglipat tulad ng paglilinis ng bahay, pag-aaplay sa kuryente, tubig at gas, pagpabago sa alien registration at iba pa. Kailangan ding maghanda ng mga pang-araw-araw na pangangailangan at pagbati sa mga kapit-bahay pagkatapos makalipat.

5-1 Paglipat sa unang pagkakataon

(1) Pagtanggap ng susi sa bahay

Kapag nakaprima na ng kontrata, matatanggap na ang susi sa bahay. Ang susi sa bahay ay ibinabalik sa oras ng pagtapos ng kontrata kaya ingatan na hindi ito mawala. Kapag hindi iniiwasang nawala ang susi, ipagbigay-alam kagaad sa fudousanya o sa may-ari ng bahay. Kayo ang magbabayad sa pagpapagawa muli ng isa pang susi. Importante ito sa pag-iwas ng mga krimen.

(2) Pag-aplay ng kuryente, gas at tubig

Mahirap mamuhay ng walang kuryente, gas at tubig kaya siguraduhin mag-aplay para sa mga serbisyong ito bago pa lumipat sa bagong tirahan. May iba't ibang proseso ng pag-aaplay depende sa distrito subali't ang mga sumusunod ang kadalasang ginagawa.

	KURYENTE	GAS	TUBIG
Kailan?	Pagkalipat o pagkatanggap ng susi sa bahay	Pagkalipat o pagkatanggap ng susi sa bahay	Pagkalipat o pagkatanggap ng susi ng bahay
Saan dapat magtanong o magbigay-alam?	Kumpanya ng kuryente sa distritong tinitirhan	Kumpanya ng gas sa distritong tinitirhan	Tagapamahala ng serbisyong tubig sa munisipyo ng distritong tinitirhan
Anong dapat gawin?	Itaas ang switch ng breaker (nasa loob ng bahay) upang magkakuryente. Kumpletuhin ang postcard na pormang nakasabit sa breaker (isulat ang pangalan, tirahan o adres, araw ng simulang paggamit at iba pa) at ipadala kaagad ito. Kapag walang porma, sabihin lamang ito sa kumpanya ng kuryente sa distritong tinitirhan.	Tawagan ang kumpanya ng gas at sabihin kung kailan magsisimulang gumamit ng gas.May pupuntang empleyado ng kumpanya ng gas sa bagong tirahan sa takdang araw na sinabi upang simulan ang serbisyong gas.	Tawagan ang tagapamahala ng serbisyong tubig at pupuntahan ang bagong tirahan sa takdang araw na nais simulan ang paggamit ng tubig. May mga pagkakataon ding maaaring sariling buksan ang meter at kailangan lamang kumpletuhin ang postcard na porma (isulat ang pangalan, tirahan o adres, araw ng simulang paggamit at iba pa) at ipadala ito.
Tala		Kadalasang walang gas stove (na ginagamit sa pagluluto) sa bahay kaya siguraduhing bumili muna nito bago pumunta ang empleyado ng kumanya ng gas.	Tanungin sa fudousanya o may-ari ng bahay kung makakagamit na kaagad ng tubi sa oras ng paglipat kapag prima ng kontrata.

(3) Paglilinis ng kuwarto

Kadalasan ay malinis at maayos na ang bahay na lilipatan subali't mas mainam na linisin muli ito bago lumipat. Kinakailangan ng kuryente, gas at tubig sa paglilinis kaya siguraduhing mag-aplay ng mga serbisyong ito bago lumipat.

(4) Paghanda ng mga pang-araw-araw na pangangailangan

Pangkaraniwang wala pang mga kasangkapan sa bahay, kurtina at iba pa ang mga pabahay sa Japan. Maghanda ng mga pang-araw-araw na pangangailangan, tulad ng mga kagamitan sa bahay, kama, kagamitan

sa kusina, liguan at banyo.

(5) Pagbati (aisatsu) pagkatapos makalipat

Pagkatapos makalipat, kadalasang nagpapakilala ang bagong-lipat at binabati nito ang mga kapit-bahay. Importanteng magkakilala ang magkakapit-bahay dahil maaari kayong makakuha ng mga impormasyon ukol sa distritong tinitirhan. Magpakilala tungkol sa sarili sa mga kapit-bahay pagkatapos makalipat.

(6) Alien registration

Tumungo sa munisipyo ng distritong tinitirhan para mabago ang impormasyon sa inyong alien registration ukol sa bagong tirahan. Basahin laman ang B ALIEN REGISTRATION at 1-1 Pagdating sa Japan para sa mga iba pang detalye.